

## KAMALAYAN SA MGA PILING ALAMAT SA BAYAN NG PAGBILAO AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG BUOD

ARNOLD B. QUINA<sup>1</sup>  
IMELDA G. CARADA, PhD<sup>2</sup>  
16-fs-fil-101@lspu.edu.ph<sup>1</sup>  
imelda.carada@lspu.edu.ph<sup>2</sup>  
0000-0002-9450-4386<sup>1</sup>  
0000-0003-3843-2653<sup>2</sup>

Laguna State Polytechnic University, Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

### ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mabatid ang Kamalayan sa mga piling Alamat sa bayan ng Pagbilao at Kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga mag-aaral. Sinikap na sagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan: 1.) Ano ang profayl ng mga tagasagot batay sa edad, kasarian at tirahan; 2.) Ano ang kamalayan ng mga tagasagot sa mga piling alamat sa bayan ng Pagbilao batay sa: Nilalaman; Kasaysayan, Pangyayari at Diwang-taglay; 3.) Ano ang kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng buod batay sa: Kaisahan; Kaugnayan at Mekanismo ng Pagsulat batay sa paggamit ng malaki at maliit na titik, paggamit ng bantas, pagbabaybay o ispelang at paghahati ng salita; 4. May makabuluhang kaugnayan ba ang profayl ng mga tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga mag-aaral; 5.) May makabuluhang kaugnayan ba ang kamalayan sa mga piling alamat sa bayan ng Pagbilao sa kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga mag-aaral? Ginamit ng mananaliksik ang deskriptibong pamamaraan upang madaling makuha at mailarawan ang mga datos na kailangan sa pananaliksik. Ang mga tagasagot ay may kabuuang bilang na isandaan (100) mula sa ikawalong baiting pangkat Binasaan, Cariñosa, Pandanggo, Polakabal at Tinikling. Batay sa resulta tungkol sa kamalayan ng mga tagasagot sa mga piling alamat sa bayan ng Pagbilao batay sa Nilalaman ay nakapagtamo ng kabuuang mean na 3.40 at *Sd* na 0.15; Kasaysayan na may kabuuang mean 3.25 at *Sd* na 0.43; Pangyayari na may kabuuang mean na 3.40 at *Sd* na 0.42 at sa Diwang-taglay na may kabuuang mean na 3.30 at *Sd* 0.41 na nagpapakitang sumasang-ayon ang mga tagasagot. Sa kinalabasan tungkol sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng buod batay sa kaisahan ay may kabuuang 26 (26%) na tugon ang may pinakamahasag, sa kaugnayan ay may kabuuang na 23 (23%) na tugon ang mas mahusag at sa mekanismo ng pagsulat ay may kabuuang 6 (6%) na tugon ang nakakuha ng pinakamahasag. Batay sa pag-aaral na isinagawa, natuklasan ng mananaliksik na tanggap ang unang hinuha sa pag-aaral na ito sapagkat walang makabuluhang kaugnayan ang profayl ng mga tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga mag-aaral samantalang tanggap ang ikalawang hinuha na walang makabuluhang kaugnayan ang kamalayan ng mga piling alamat sa bayan ng Pagbilao sa kasanayan sa pagsulat ng buod ng mga mag-aaral. Iminumungkahi ng mananaliksik na ipagpatuloy pa rin ang pagbabasa ng alamat na nagmula sa iba't ibang lugar dito sa ating bansa upang magkaroon kamalayan sa mga uri ng lokal na materyal na babasahin at mapaunlad ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng buod. Sa huli, iminumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng mga pasulat na gawain ng iba't ibang komposisyon o pagbubuo ng mga akdang pampanitikan upang mapaunlad ang antas ng kasanayan sa pagsulat.



*Mga susing salita: Kamalayan, Alamat, Bayan, Pagbilao, Kasanayan, Pagsulat, Buod, Philippines*